

Pamantayan ng Pag-uugali ng Panauhin ng SPAM® Museo

Upang matiyak ang ligtas, magalang, at makabuluhang karanasan para sa lahat ng mga panauhin, hinihiling namin na pakisunod ang mga alituntunin sa ibaba:

Igalang ang Espasyo

- Karamihan sa mga eksibit ay interaktibo; pakiiwasang hawakan ang mga may markang “Huwag Hawakan”
- Palaging manatili sa likod ng mga harang at mga lubid
- Bawal ang pagkain o inumin

Pagkuha ng Larawan at Video

- Pinapayagan ang kaswal, personal na pagkuha ng larawan at video
- Ipinagbabawal ang hindi awtorisadong paggamit ng mga tripod, monopod o aerial device
- Hindi pinapayagan ang hindi awtorisadong komersyal o propesyonal na pagkuha ng larawan at video

Isaalang-alang ang Iba

- Mangyaring magsalita sa magalang na lakas ng tinig at iwasan ang nakakagambalang pag-uugali
- Ang pagdiskrimina o walang galang na pag-uugali ay hindi pinapayagan

Mga Alituntunin para sa mga Bata

- Ang lahat ng mga batang wala pang 15 taong gulang ay dapat na subaybayan ng may sapat na gulang sa lahat ng oras
- Pinapayagan ang mga stroller at wagon

Kasuotan

- Para sa mga kadahilanang pangkaligtasan at pangkalusugan, dapat magsuot ang mga panauhin ng angkop na kasuotan, kabilang ang mga kamiseta, pantalon/shorts at sapatos

Aksesibilidad at Pagsama

- Tinatanggap namin ang lahat ng mga panauhin. Mangyaring makipag-ugnayan sa aming mga kawani para sa anumang pangangailangan sa aksesibilidad
- Pinapayagan at may mga wheelchair
- Pinahihintulutan ang mga hayop sa serbisyo. Ang mga hayop sa serbisyo ay mga nagtatrabahong hayop, hindi mga alagang hayop. Ang mga alagang hayop at pang-aliw na hayop ay ipinagbabawal sa Museo

Seguridad at Kaligtasan

- Sundin ang mga tagubilin ng kawani kung sakaling magkaroon ng emergency

Mga Ipinagbabawal na Bagay at Pag-uugali

- Armas, alak o mga ilegal na sangkap
- Mga bisikleta, roller skate, skateboard, scooter o iba pang sasakyang may gulong
- Paninira, pagnanakaw o panliligalig sa mga bisita o kawani
- Pagtakbo, pag-akyat o pag-upo sa mga eksibit o barandilya
- Paghingi, kabilang ang pag-post o pamamahagi ng mga karatula, abiso, adbertismo o nakaprintang materyales